SIMTA SYDNEY INTERMODAL TERMINAL ALLIANCE

Filipino

ABRIL 2021



# MGA BAGONG BALITA SA KOMUNIDAD (COMMUNITY NEWS UPDATE)

## Maligayang pagdating ng 2021

Nagyari ang isa-sa-100-taong panahon ng bushfire, isa-sa-100-taong pandemya, at saka isa-sa-100-taon na pagbaha! Naging isang mapanghamong labing-dalawang buwan ang nagyari sa ating lokal na komunidad.

Simulan natin ang ating edisyon sa pamamagitan ng paghiling ng magandang kapalaran para sa lahat, dahil alam natin na maraming kasapi ng lokal na komunidad ay naapektuhan sa mga mahihirap na pangyayari.

Sa Moorebank Logistics Park, kami ay kumikilala sa aming papel sa komunidad. Maari naming maipagmalaki ang aming nagging mga suporta sa mga lokal na pamilya at negosyo.

Habang ang saklaw ng aming mga ginagawa ay umuunlad, ang aming mga operasyon ay tumutulong sa lokal na pamayanan na makatayo ulit sa pamamagitan ng mga bagong pagkakataon sa trabaho ng mga pamilya at bagong kaugalian sa negosyo.

Habang ang mga nakaraang pag-ulan ay isang matinding panahon, ito ay pansamantala lamang na pinabagal tayo. Ang mga tubig-baha ay hindi nakarating sa lugar ng ating mga ginagawa ngunit ang mga trabahong pangkonstruksyon ay natigil nang ilang araw upang matuyo ang lugar.

Ngunit kahit may mga maliliit na pagkaantala, ang unang ika-apat na bahagi ng taon ay matagumpay. At ang hinaharap nating taon ay may mga pangako nang isa pang mapanlikha at makasaysayang panahon.

Babalitaan namin kayo palagi!

## Bagong balita tungkol sa mga lokal na trabaho

Sa isang pagrepaso kamakailan, napatunayan na ang Moorebank Logistics Park ay patuloy na isang malaking katulong sa mga lokal na negosyo.

Noong huling kalahati ng 2020, ang Qube ay namuhunan ng mga $35 milyon sa mga malalaking kontrata sa mga lokal na tagapagtustos sa Moorebank Logistics Park.

Ito ay makukuwentang $32 sa bawat $100 na pinuhunan sa mga malalaking kontrata sa panahong iyon – isang maligayang resulta!

Sa isang proyekto na nangangailangan ng nakaparaming mga espesyalista na hindi makukuha sa malapit, nagagalak kaming kumuha sa Liverpool, Campbelltown, Fairfield at Canterbury-Bankstown LGAs bilang isang testamento ng mga benepisyo at kahusayan sa pagkuha sa mga lokal na kakayahan.

Ang mga lokal na kumpanya na gustong magpa-preregister para magtrabaho sa proyekto ay maaaring makipag-ugnayan sa Industry Capability Network sa **www.icn.org.au**

## Huwag maghintay!

Huwag maghintay para sa susunod na edisyon ng Community News Update upang malaman kung ano ang mga nangyayari sa lugar. Ang mga kasalukuyang balita at impormasyon tungkol sa Moorebank Logistics Park ay kaagad makuha sa isang klik lamang ng 'mouse'. Bumisita sa **www.simta.com.au** anumang oras para sa mga balita tungkol sa mga pangkalahatang operasyons, kasalukuyang trabaho, proseso ng pag-aaproba, aktibidades sa komunidad, at marami pang iba. Ang regular na pamimisita sa website namin ang pinakamabuting paraan upang palaging napapanahon sa balita.



Ang tanawin mula sa himpapawid ng Moorebank Precinct West na nagpapakita sa konstruksyon ng Moorebank Avenue diversion road.

## Isinumite na ang realignment proposal ng Moorebank Avenue

Isang mahalagang pag-unlad ang narating sa ginagawa (development), sa pamamagitan ng pormal na pagpaplano ng panukala sa pagsasaayos (realignment) ng Moorebank Avenue.

Ang mga motorista na gumagamit sa bagong Moorebank Avenue ay mabibiyayaan sa mga malaking pagpapaganda sa daloy ng trapiko at kaligtasan sa daan, kung maaprobahan ang panukala.

Kasama sa panukalang pagpapaganda ang pagpapalapad ng Moorebank Avenue na mula sa dating isang linya ay magiging dalawa sa bawat direksyon sa pagitan ng Anzac Road at ang East Hills Railway, kasama pa ang paglalagay ng mga ilaw ng trapiko upang maging maaayos ang pagpasok sa silangang bahagi ng Moorebank Logistics Park.

Ang bagong pagkakaayos ay hanggang sa hangganan sa silangan ng pinapagawang lugar sa pagitan ng MLP at JLU defence facility.

Isang pansamantalang dibersyon ng daan ay mailalagay upang magbigay ng daanan sa mga sasakyan sa pagitan ng Anzac Road at Chatham Avenue habang ginagawa ang pagpapaganda ng daan.

Sa Marso, ang Department of Planning Industry and Environment (DPIE) ay magdidispley ng panukala sa publiko at iniimbita ang boung komunidad na magkumento.

Ang mga isinumiteng kuro-kuro ay kasalukuyang ikinukunsidera at inihahanda ang isang Response to Submissions.

Dagdagan ang kaalaman, bumisita sa: **www.planningportal.nsw.gov.au/major-projects/project/37891**





# Ipinapakilala… Carlos Pinho

Hindi magkatotoo ang pagbubuo ng Moorebank Logistics Park kung wala ang mga talento, kasanayan at dedikasyon ng ating mga lokal na empleyado.

Sa mga libu-libong trabaho na nilikha sa mga yugto ng konstruksyon at operasyon ng proyekto, malaking bilang ang nakuha at patuloy na makukuha mula sa mga nasa malalapit na lugar.

Upang ipagdiwang ang walang kapaguran na pagsisikap sa likod ng mga nangyayari, at upang lalong makilala ang ating koponan, ipinakikilala namin ang isang lokal na kasapi ng grupo sa bawat edisyon ng Community News Update.

Ngayon, maligaya kaming ipakikilala si Carlos Pinho. Si Carlos ay nakatira sa malapit at nagtatrabaho sa proyekto bilang 'Safety Manager' simula noong Setyembre 2017.

**Maaari mo bang sabihin sa amin ang inyong ginagampanang papel bilang 'safety manager'?**

Gawain ko ang makikipagtulungan sa lahat ng mga kasapi ng pangkat upang matiyak na ang trabaho ay matapos nang ligtas. Kabilang sa mga kadalasang gawain ko ang pagtatalaga sa tungkulin ng mga bagong trabahador, araw-araw na mga miting bago magsimula, mga pagrepaso sa proseso, mga pag-inspeksyon at pagtutuos, pagtatasa ng mga kapahamakan, at pagpaplano sa mga operasyon. Marubrob ang kagustuhan kong tumulong sa lahat na makauwi sa kanilang pamilya bawat katapusan ng araw.

**Ano ang painakagusto mong bahagi ng inyong trabaho?**

Ang aking responsibilidad ay nagbibigay sa akin ng mga pagkakataong makikipagtulungan sa mga pangkat sa ibat-ibang bahagi ng negosyo, mula sa mga punong opisyal ng kumpanya hanggang sa mga tao na mismong gumagawa sa proyekto. Palaging may kakaibang tipo ang nasa bawat trabahador o propesyonal. Kailangan kong malaman ang pagkatao ng bawat tao at kung paano nila hinaharap ang kanilang trabaho at buhay.

**Maari mo bang sabihin sa aming ang ilang bagay tungkol sa proyekto na maaaring hindi pa alam ng mga tao?**

Ang proyekto ay nakarating na isang milyong oras ng tao (people-hours) sa silangang bahagi ng 'development'. Ito ay kamangha-manghang resulta! Maaaring hindi alam ng mga tao ang mga 'bushfires' noong tag-init ng '19-'20 na sumunog sa malapit mga likuran ng mga opisina sa lugar. Ang ulap ay naging kulay ng kahel at nakakaibang damdamin! Mabuti na lamang at lahat ng mga trabahador ay nakababakasyon isang araw bago noon, kaya hindi kami kailangang nag-evacuate.

**Dito ka lamang nakatira sa malapit?**

Oo, taga-rito ako sa malapit nang may apat nang taon. Labing-limang minutos ko lamang babaybayin upang makarating sa trabaho. Napakasuwerte ko – sa Sydney, hindi palaging ganitong kalapit ka sa lugar ng trabaho. Hindi na kailangan ng ilang oras na matitigil sa trapiko kada araw.

**Ano ang pinakamagandang dahilan para manirahan sa south-west Sydney?**

Ang paninirahan sa lugar ay napakaganda. Ito ay napakaraming kultura – may mga taong galing sa iba't ibang lugar ng mundo na nakatira dito. Sa loob ng isang araw, lumabas ka at mararanasan mo ang maraming kultura.

**Saan ang pinakapaborito mong kainan?**

Ako ay taga-Portuges at isa sa pinakagusto kung gawin ay kumain! Sa araw na may trabaho, pupunta ako sa Wattle Grove Shopping Centre. Ang Pickle & Lou Café ay may napakasarap na kape, at maraming lugar ang maaaring pagtanghalian – ang bilihan ng manok ay sobrang ganda. Sa araw na walang pasok, ako ay pumupunta sa Bankstown Central. May Korean BBQ, Chinese take-away, Lebanese kebabs. Maraming mapagpipilian!

**Sa Portugal ka ba ipinanganak?**

Ako ay isinilang sa Porto, Portugal. Dumating ako sa Australya noong ako ay 23 na taong gulang kaya nakatira na ako dito ng 22 taon.

**Ikaw ba ay isang tagahanga ng football (soccer)?**

Mahal ko ang football. Lumaki akong nagsusuporta ng FC Porto at ang koponan ko dito ay ang Sydney FC. Nagsimula akong nagsusuporta sa Sydney FC noong lumipat kami sa Australya at walang koponan sa Western Sydney. Ngayon hindi na ako magbabago ngunit may pagamamahal din ako para sa Western Sydney Wanderers. Magandang makita ang pagnanasa sa football sa rehiyon.


**Naglalaro ba ang inyong anak ng football?**

Ang aking anak, si Carlos Junior o "CJ", ay nagkakagusto ng football. Ngunit mas nawiwili siya sa basketball. Naglalaro siya sa Bankstown Bruins stadium. Ipinagmamalaki ko siya.

**Ano ang pinapangarap mong trabaho?**

Kung maaari akong pumili, pipiliin ko pa rin ang kasalukuyan kung ginagawa. Ako ay kasalukuyan nang nagtatrabaho na kasama ang mga tao, sinusunod ko na ang mga kagustuhan ko, ang pagpapanatili ng kaligtasan ng mga tao. At ang pagtratrabaho sa industriang konstruksyon ay nakatutuwa – napakaraming nangyayari sa lugar bawat araw, palaging may bago, at napakaraming nagtatrabaho rito! Nagpapasalamat ako sa pagkakaroong trabaho na masaya ako.

SIMTA SYDNEY INTERMODAL TERMINAL ALLIANCE



## Pagpapaganda ng Cambridge Road

Sa mga dagdag na balita para sa mga lokal na motorista, ang Pamahalaan ng NSW ay nagsisimulang magplano para sa hinaharap na pagpapaganda at ekstensyon ng Cambridge Avenue.

Kabalikat sa panukalang pagsasaayos ng Moorebank Avenue, ang pagpapaganda ay magpapahusay ng pagpunta sa at parating mula sa M5 South-West Motorway ng mga lokal na residente.

Kabilang sa mga tampok na makikita sa pagpapaganda ang malaking pagkakakopya at pagpapahaba ng Cambridge Avenue pakanluran mula sa Moorebank Avenue hanggang sa Campbelltown Road.

Ngunit habang ito ay isang inaantabayan na panukala, nasa mga maagang araw pa ito. Tinatasa pa rin ng Transport for NSW ang mga mapagpipilian para sa pagpapagandang ito.

Noong Pebrero, tinapos ng TfNSW ang sanggunian sa komunidad na pangangalap ng mga puna (feedback) tungkol sa rekomendadong mga pagpipiliang itsura at kasalukuyang tinitingnan ang mga puna.

Tingnan ang pahina ng mga proyekto ng TfNSW's para sa dagdag na impormasyon sa: **www.rms.nsw.gov.au/projects/cambridge-ave-glenfield-upgrade/index.html**

## Ang nakikita ng isang agila

Narito ang isang naglalahad na tanawin sa mga nakaraang pagbaha sa Western Sydney. Ang litrato ay kinuha ni Steve, isang kasapi ng grupo ng pakikipag-ugnayan sa pamayanan ng Moorebank Logistics Park, mula sa isang helicopter, habang nagbubuluntaryo sa SES. Hindi pumasok sa trabaho si Steve ng ilang araw upang tumulong sa ‘recovery effort’ at upang manatili tayong ligtas. Maraming salamat Steve!



Hawkesbury River, Richmond

## Magkikita na naman tayo sa susunod!

Iyon na lamang po para sa edisyong ito. Iiwanan namin sa inyo ang mga nakamamanghang imahe ng mga ginagawang trabaho sa lugar ng proyekto.








## Tawagan Po Kami

Mangyaring bumisita sa aming website sa:

**www.simta.com.au** para sa dagdag na impormasyon

Level 27, 680 George Street
Sydney, NSW 2000 Australia

Para sa natatanging katanungan,

**mangyaring tumawag sa: 1800 986 465**

o ipadala ang mga nakasulat na katanungan sa: **simta@elton.com.au**